ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGSUSURI, PAGHUBOG AT MOTIBASYON SA KAHUSAYAN SA PANONOOD NG PELIKULANG PANLIPUNAN

**Roseann G. Sangalang**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay may kinalaman sa pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan. Ang mga datos ay nalikom dalawang daan at apatnapu't apat (244) na tagatugon upang masagot ang suliranin na nagsasaad na: (1) Ano ang kaugnayan ng pagsusuri batay sa: (a) tauhan; (b) teorya/dulog; at (c) nilalaman (2) Ano ang kaugnayan ng paghubog sa kahusayan sa panonood ayon sa : (a) pananaw;(b) damdamin at, (c) saloobin? (3) Ano ang kaugnayan ng motibasyon sa panonood batay sa: (a) interes at (b) kapaligiran.(4) Ano ang antas ng kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ng mga mag-aaral batay sa : (a) kognitibong pag-aanalisa. (5) May makabuluhang epekto ba ang pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ? (6) 6. May makabuluhang epekto ba ang pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kognitibong pag-aanalisa ng pelikula?*

*Sa pag-aaral na ito ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong pamamraan upang makakalap ng mga tiyak na kasagutan at mahahalagang impormasyon. Ginamit ang weighted mean, sa pagtanggap o pagtanggi ng negatibong hinuha ng pananaliksik.*

*Inilahad ang kinalabasan ng pag-aaral na ito na Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ng pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "Walang makabuluhang epekto ng pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan" ay tanggapin, ipinapakita nito na epekto sa pagitan nila.*

*Mula sa pag-aananalisa ng mga datos na nakalap, Batay sa mga kasagutan at konklusyon, ang mga sumusunod ang ibinigay na rekomendasyon:Batay sa mga resulta ng pananaliksik na ito, iminumungkahi ng mananaliksik sa mga kaguruan na mahikayat ang mga mag-aaral sa malalim na pagsusuri ng pelikulang panlipunan nang sa gayon ay mamulat ang mga mag-aaral sa mga aral na makukuha sa pinanood. Hinahangad ng mananaliksik na gabayan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pag-aaral. Suportahan sa mga gawain gaya ng mga gawain sa asignaturang sinesosyedad, sapagkat marami ang matutunan sa mga pelikulang sinusuri.*

*Sa mga susunod na mananaliksik, ang pananaliksik na ito ay maaaring gawing gabay sa pagsasagawa ng pananaliksik. Nawa'y patuloy na isakatuparan ang paggawa ng ganitong uri ng pananaliksik. Malawak ang pelikula at iba-iba ang genre, panatilihin ang pagtuklas at pagyamin ang pelikula at pagsuporta sa asignaturang sinesosyedad.*

**SUSING SALITA:** *pelikulang panlipunan; sinesosyedad; kahusayan sa panonood*

## 1. PANIMULA

Iba-iba ang pagkatuto ng tao, maaaring sa pamamagitan ng pakikinig, pagsasalita, pagsusulat at pagbabasa, ngunit sa paglipas ng panahon ay maaari din tayong matuto sa tulong ng panonood. Batid natin na talamak ngayon ang social mediaI kung saan ay marami tayong nakikita at napapanood. Sa kolehiyo ay mas pinakikinabangan ang panonood at ito ay kabilang sa asignatura sa Filipino na SINESOSYEDAD o Pelikulang Panlipunan. Dito makikita natin ang iba't ibang isyung panlipunan na ginawang pelikula, maaaring hango sa tunay na buhay o kathang isip lamang. Sa asignaturang ito ay hindi ka lamang manonood bagkus ay ginagamitan ito ng kritikal na pag-iisip o malalim na pagsusuri.

Habang umuunlad ang mundo ay patuloy ang pagbabago, maraming mga pagbabago ang nakikita natin sa bawat tao. Ang ilan ay sumusunod lamang sa uso o maging sa agos at daloy ng kanilang mga nakakasalamuha. Bawat isa sa atin ay may kanya-kanyang kwento, bawat isa ay nakararanas ng mga pagbaba at pag-angat sa buhay, ang ilan ay hindi na alam ang gagawin, hindi alam kung ano ang kahihitnan ng kanilang araw. At iba naman ay gusto ng putulin ang kanilang buhay, yung iba naman gusto pang mabuhay ngunit katawan na nila yung bumigay. Baligtad talaga ang tao, parang yung mga pangyayari sa pelikula, lahat ng tauhan may pinagdaraanan at ang ibang mga manonood ay nailalagay nila ang kanilang sarili sa katauhan ng bawat karakter sa palabas.

Sa iba ay may magandang naidudulot ang kanilang mga pinanonood, siguro nakakukuha sila ng mga aral o mensahe na makatutulong sa kanila upang masolusyonan ang kanilang problema, minsan naman ang ibang palabas ay nagdudulot ng hindi maganda sa manonood lalo't higit ang mga pelikulang hindi angkop sa mga taong nasa murang edad, kung minsan ay dala na rin ng kuryosidad sa pinanonood kung bakit ginagaya nila ito. Kung minsan naman, ang mga pelikulang ating pinanonood ay nagbibigay kaalaman sa atin pagdating sa pag-aaral, dahil may mga palabas na patungkol sa kultura at kasaysayan, may ilan pang pinakikita ang buhay ng isang bayani at talaga namang maipagmamalaki natin ito. Ngunit may kahalagahan nga ba talaga ang panonood? Mayroon tayong Makrong kasanayan, kung saan ito ang mga paraan kung paano matuto ang isang tao, maaaring sa paraan ng pakikinig, pagbabasa, pagsusulat, pagsasalita at may ilang teorya rin na sinasabing maaari nating isama ang panonood sapagkat mas malaki ang impluwensya ng panonood sa pagkatuto ng isang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

tao dahil mainam na nakikita at naririnig nila sa tuwing sila ay nanonood.

Sa panahon ngayon ay napakaraming paraan na ginagawa upang makapanood, ang ilan ay ginagawa itong libangan o pampalipas oras ngunit ang ilan naman ay sinusuri ang kanilang napanood at binibigyang kahulugan ang mga pangyayari o tagpo sa bawat senaryo upang sa gayon ay masuri nila sa malalim na paraan.

May ilang mga mag-aaral ang nahihirapan sa pagsusuri ng mga pelikula sapagkat ang ilan ay hindi gaanong seryoso sa panonood at ang ilan naman ay hindi lubos na nauunawaan ang mga napapanood nilang pelikula kaya ang Pagsusuri, Paghubog at Motibasyon sa Kahusayan sa Panonood ng Pelikulang Panlipunan.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

1. Ano ang antas ng pagsusuri sa panonood batay sa::
   - 1.1 tauhan;
   - 1.2 teorya/dulog; at
   - 1.3 nilalaman?
2. Ano ang antas ng paghubog sa kahusayan sa panonood batay sa:
   - 2.1 pananaw;
   - 2.2 damdamin; at
   - 2.3 saloobin?
3. Ano ang antas motibasyon sa panonood batay sa:
   - 3.1 interes; at
   - 3.2 kapaligiran?
4. . Ano ang antas ng kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ng mga mag-aaral batay sa:
   - 4.1 kognitibong pag-aanalisa?
5. May makabuluhang epekto ba ang pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kasanayan sa panonood ng pelikulang panlipunan?
6. Ano ang maaring mabuong programa sa pag-aaral na ito?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pamamaraan na ginamit sa pananaliksik na ito ay sa pamamagitan ng deskriptibong pamamaraan o paglalarawan. Ang paglalarawan ay isang mabisang paraan upang malaman ang Pagsusuri, Paghubog at Motibasyon sa Kahusayan sa Panonood ng Pelikulang Panlipunan.

Layunin din ng pag-aaral na ito na lumalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikulang panlipunan at maging gabay ang mga balangkas upang mapadali at maisaayos ang pagsusuri. Ang pamamaraan ding ito ay nagpapakita ng detalyadong kongklusyon sa haypotesis sa paraang pagsusuri ng mga imporasyon o datos na nakalap ng mananaliksik.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Sa kabanatang ito pinakikita ang mga presentasyon, analisis resulta at interpretasyon ng datos buhat sa sagot ng mga tagatugon. Ang mga katanungang makikita sa Kabanata 1 sa paglalahad ng suliranin ay sinusuportahan ng grapikong representasyon o talahanayan. Ang istadistika ay inilapat base sa talatanungang ibinigay na may kaugnayan sa pananaliksik patungkol sa pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ng mga mag-aaral.

Ang mga datos na nakalahad ay nakaayos batay sa pagkakasunod-sunod sa paglalahad ng suliranin.
Sa kabanatang ito rin makikita ang pag-aanalisa sa bawat datos na nakuha, ang mga datos ay nagmula sa mga mag-aaral sa kolehiyo na nasa ikatlong baiting kung saan sila ay may asignaturang sinesosyedad na kung saan ay magsisilbing batayan upang makuha ang matamang pagsusuri ng pelikulang panlipunan.

**Antas ng Kasanayan sa Pagsusuri sa Kahusayan sa Panonood**

Sa pag-aaral na ito, nakapaloob ang antas ng kasanayan sa pagsusuri batay sa tauhan, teorya/dulog at nilalaman. Kung saan ang naiisa-isa ang bawat detalye ng pinanood na pelikulang panlipunan.

Ang mga pahayag sa talahanayang ito, makikita ang Raw Score, Frequency, Percentage at Mapaglarawang Katumbas.
Sa talahanayan 1, nakapaloob ang antas ng kasanayan sa pagsusuri batay sa tauhan, kung saan naiisa-isa ng mga manunuri ang kanilang kaalaman patungkol sa bawat tauhan at nabibigyan ng positibo at negatibong pagpapakahulugan sa bawat tauhan ng pelikulang pinanood.

**Talahanayan 1.** ***Antas ng Kasanayan sa Pagsusuri Batay sa Tauhan***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Ang pagsusuri ng tauhan ay may malaking impak sa manonood.* | 4.48 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Ang mga dayalogo na binibitawan ng tauhan ay nagbibigay aral sa manonood.* | 4.69 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Nakikita ng mga manonood ang kanilang sarili sa ilang tauhan ng pelikula.* | 4.55 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Pinakikita ng karakterisasyon ng tauhan ang antas ng lipunan.* | 4.51 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Bukod sa mga pangunahing tauhan ay nabibigyang halaga rin ang ilang tauhan sa tuwing nagsusuri ng pelikula.* | 4.58 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.56***
***Standard Deviation: 0.22***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa *lubhang mataas* na antas ng kaugnayan ng pagsusuri at sa pananaw ng mga tagatugon, *ang mga dayalogo na binibitawan ng tauhan ay nagbibigay aral sa manonood* ay nakakuha ng *(M=4.69, SD=0.46)* at *bukod sa mga pangunahing tauhan ay nabibigyang halaga rin ang ilang tauhan sa tuwing nagsusuri ng pelikula* ay mayroong *(M=4.58, SD=0.52).* Bagaman napansin na *lubhang mataas* na antas ng paggamit ng audio-grapiya, ang pahayag na may pinakamababang marka ay *ang pagsusuri ng tauhan ay may malaking impak sa manonood* at mayroong *(M = 4.48, SD = 0.56).*

May kabuoang mean na 4.56, standard deviation na 0.22 at ipinapakita na ang antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa tauhan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Palinawag pa ni Larigo (2015) ang tauhan sa kwento ay ang mga karakter o tao na gumaganap ng mga papel sa narrative. Sila ang nagdadala at nagbibigay-buhay sa kuwento. May mga pangunahing tauhan, na karaniwang may malaking papel sa plot, at mayroon ding mga karakter sa paligid na nagbibigay-kulay at konteksto sa kwento.

Sa pagsusuri ng pelikula, ang tauhan ay may kanya-kanyang kahulugan batay sa kanyang ginagampanan kung saan susuriin itong mabuti sa kung ano ang kalagayan nito. Marami sa mga Pilipino ang magaling at talentado sa pagbibigay ng kahulugan at interpretasyon sa bawat kilos/galaw at maging sa sinasabi ng tauhan sa kwento.

Ilan sa mga kwento o pelikulang sinuri ay taliwas ang sinasabi ng manunuri sa pinakakahulugan ng kwento na mula sa awtor o manunulat nito, ngunit sabi nga, kapag ito ay inilabas mo na sa masa, ibig sabihin ay may mga tao ng maaaring magbigay ng interpretasyon sa ginawa mong kwento ng pelikula, at bilang manunulat kailangang maging handa at bukas sa anumang ibibigay na suhestiyon at mungkahi ng mga manunuri sa kwentong kanyang ginawa. Dahil ditto mahalaga ang pag-aaral at pagsusuri ng pelikula sapagkat lumalalim pa an gating pang-unawa sa iba't ibang larangan ng pelikula.

Sa talahanayan 2, makikita ang antas ng kasanayan sa pagsusuri batay sa teorya/dulog, kung saan ipinakikita at naiisa-isa ang mga teoryang may kinalaman sa bawat senaryo ng pelikula.

**Talahanayan 2.** ***Antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa teorya/dulog***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nakikita ang pinupunto ng pelikula sa tulong ng teorya.* | 4.57 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Naiisa-isa ang teorya sa bawat senaryo ng pelikula.* | 4.60 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Naiuugnay ang teorya sa sitwasyong panlipunan.* | 4.58 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Ang apat na pangunahing dulog sa pagsusuri ay tugma sa anumang pelikula.* | 4.58 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Maayos ang daloy ng pagsusuri sa tulong ng teorya.* | 4.56 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.58***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa Talahanayan bilang 2, para sa antas ng pagsusuri sa teorya o dulog, lubhang mataas lubhang mataas ang antas ng naiisa-isa ang teorya sa bawat senaryo ng pelikula at ito ay nakakuha ng (M=4.60, SD=0.53). Ang pag-uugnay ng teorya sa sitwasyong panlipunan ay may (M=4.58, SD=0.50) ay nakakuha ng lubos na sumasang-ayon, samantala an gang apat na pangunahing dulog sa pagsusuri ay tugma sa anumang pelikula ay may (M=4.58, SD=0.53) na may puna ring lubos na sumasang-ayon. Ang nakikita ang pinupunto ng pelikula sa tulong ng teorya ay may (M=4.57, SD=0.54) Samantala ang maayos na daloy ng pagsusuri sa tulong ng teorya ay may (M=4.56, SD=0.54) na lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.58, standard deviation na 0.24 at ipinakikita na ang antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa teorya o dulog ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Lubos na nakatutulong ang mga dulog upang masuring mabuti ang mga pangyayari at senaryo sa pelikula. Sa tulong ng mga dulog malalaman kung ano ang tema ng kanilang pelikulang sinuri.

Maraming dulog ang maaaring gamitin sa isang pelikula, maaaring marxismo o markismo kung saan ito ay patungkol sa pagitan ng mayaman at mahirap, kung ang pelikula ay may kinalaman sa ganitong uri ay maaari nating gamitin ang marxismo, sumunod ang teoryang realismo, kung saan hango sa salitang real na ang ibig sabihin ay totoo, kung ang pinanood na pelikula ay may kinalaman sa totoong buhay ay maaaring gamitin ang teoryang realismo, sumunod ay ang teoryang pormalismo kung saan makikita ang kagandahan at kaayusan ng pelikula, halimbawa, ang pagkakaroon ng flashback. Gayundin ang kabuuang kaayusan sa sa musika at ilaw. Ang huli ay ang teoryang feminismo, ito ang teoryang may kaugnayan sa karapatan, kalakasan ng kababaihan, kung saan dito itinataas ang mga kakayahan o kayang gawin.

Sa talahanayan 3, nakapaloob ang antas ng kasanayan sa pagsusuri batay sa nilalaman ng pelikulang sinuri.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3. Antas ng Kasanayan sa Pagsusuri Batay sa Nilalaman**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nasusuri nang maayos ang nilalaman ng pelikula batay sa pagkaunawa sa pinanood.* | 4.60 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Ang tema ng pelikula ay nailapat nang maayos sa tulong ng kognitibong pag-aanalisa.* | 4.60 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Nabibigyang halaga ang bawat detalye ng pelikula dahil sa pagsusuri nito.* | 4.58 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Ang mga paggalaw at kagamitan ay nabigyan ng kahulugan.* | 4.60 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Ang mga paksang nakapaloob sa pelikula ay nasasalamin sa totoong buhay.* | 4.55 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.59***
***Standard Deviation: 0.26***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa talahanayan 3, para sa antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa nilalaman makikita na ang nasusuri nang maayos ang nilalaman ng pelikula batay sa pagkaunawa sa pinanood at maging ang tema ng pelikula ay nailapat nang maayos sa tulong ng kognitibong pag-aanalisa ay may (M=4.60, SD=0.51) Samantala ang nagbibigyang halaga ang bawat detalye ng pelikula dahil sa pagsusuri nito ay may (M=4.58, SD=0.53) na may punang lubos na sumasang-ayon. Ang mga paggalaw at kagamitan ay nabigyan ng kahulugan at may (M=4.60, SD=0.52) Samantala, ang mga paksang nakapaloob sa pelikula ay nasasalamin sa totoong buhay ay may (M=4.55, SD=0.55) na may punang lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.59 at standard deviation na 0.26 at ipinakikita na ang antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa nilalaman ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa nilalaman natin makikita ang tema, paksa at kung saan patungkol ang pelikulang sinuri. Maging ang mga detalye at pangyayari sa pelikula ay nabibigyang-pansin.

**Antas ng Kasanayan sa Paghubog sa Kahusayan sa Panonood**

Sa pag-aaral na ito, nakapaloob ang antas ng kasanayan sa pagsusuri sa kahusayan sa panonood batay sa pananaw, damdamin at saloobin. Ang mga kahusayang ito ay may kinalaman sa pababahagi ng sarili sa anumang nakitang detalye sa pelikulang pinanood. Sa pagsusuring ito rin kinakilangan ng pagiging bukas ang isip sa bawat maririnig na pananaw, damdamin at saloobin ng iba.
Ang mga pahayag sa talahanayang ito, makikita ang Raw Score, Frequency, Percentage at Mapaglarawang Katumbas.

Sa talahanayan 4, ipinakikita ang antas ng kasanayan sa paghubog sa kahusayan sa panonood ng mga mag-aaral ayon sa pananaw, kung saan nabibigyang halaga ang kanilang opinyon sa pelikula.

**Talahanayan 4. Antas ng Kasanayan sa Paghubog sa Panonood ayon sa Pananaw**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nahubog ang pagbibigay ng sariling pananaw sa tulong ng pagsusuri ng pelikula.* | 4.50 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Ang pananaw sa panonood ay nabago dahil sa malalim na pagsusuri.* | 4.59 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Hindi na ginagawang libangan ang panonood bagkus ito ay binigyang-pansin.* | 4.53 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Nagkaroon ng malalim na pananaw sa bawat temang kasangkot sa pelikula.* | 4.60 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Nakabubuo nang malalim na pananaw dahil sa kahasaan sa pagsusuri.* | 4.53 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.55***
***Standard Deviation: 0.28***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Pinakikita sa talahanayan 4, para sa antas ng kaugnayan ng paghubog sa kahusayan sa panonood ayon sa pananaw, na ang nahubog ang pagbibigay ng sariling pananaw sa tulong ng pagsusuri ng pelikula ay may (M=4.50, SD=0.56) na lubos na sumasang-ayon. Ang pananaw sa panonood ay nagbago dahil sa malalim na pagsusuri ay may (M=4.59, SD=0.55). Hindi na ginagawang libangan ang panonood bagkus ito ay binibigyang-pansin ay may (M=4.53, SD=0.55) na lubos na sumasang-ayon. Nagkakaroon ng malalim na pananaw sa bawat temang kasangkot sa pelikula na may (M=4.60, SD=0.54) Samantalang nakabubuo nang malalim na pananaw dahil sa kahasaan sa pagsusuri ay may (M=4.53, SD=0.57) na lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.55, standard deviation na 0.28 at ipinakikita na ang antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa pananaw ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Mahalaga ang pananaw sa bawat pagsusuri, sapagkat nabubuksan ang ating isip sa ibang mga bagay. Gayundin ay nagiging bukas tayo sa ideya ng mga kapwa natin nagsuri.

Ang pagbibigay ng pananaw sa pelikulang sinuri ay magkakaroon ng impak sa personalidad ng isang tao, sapagkat nagiging bukas ang kanyang isip sa anumang napansin niya sa pelikulang kanyang sinuri at gayundin ay nagiging bukas din ang isipan nya sa ibang bagay na napansin ng ibang manunuri.

Ang Talahanayan 5, ipinakikita ang antas ng kasanayan sa paghubog sa kahusayan sa panonood batay sa damdamin, kung saan nabibigyang pansin ang kanilang naramdaman sa pelikula.

**Talahanayan 5.** ***Antas ng Kasanayan sa Paghubog sa Kahusayan sa Panonood ayon sa Damdamin***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nagiging patas sa pagsusuri dahil binigyang damdamin ang pagsusuri ng pelikula.* | 4.58 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Nakatututong kontrolin ang damdamin sa ugaling mayroon ang tauhan sapagkat sinuri ang katauhan nito gamit ang malalim na pagkaunawa.* | 4.62 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Naging bukas sa anumang desisyon ng tauhan sa pelikula.* | 4.60 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Sumusuporta sa pagsusuri ng iba, sapagkat ito ang napansin sa pelikula.* | 4.54 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Nabubuklod ang sarili at ibang tao dahil nagkaroon ng katulad na nadama sa pelikula.* | 4.54 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.58***
***Standard Deviation: 0.25***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa talahanayan 5, sa paghubog sa kahusayan sa panonood ayon sa damdamin, para sa nagiging patas sa pagsusuri dahil binigyang damdamin ang pagsusuri ng pelikula ay may (M=4.58, SD=0.53), nakatutulong kontrolin ang damdamin sa ugaling mayroon ang tauhan sapagkat sinuri ang katauhan nito gamit ang malalim na pagkaunawa ay may (M=4.62, SD=0.53). Naging bukas sa anumang desisyon ng tauhan sa pelikula ay may punang lubos na sumasang-ayon at may (M=4.60, SD=0.54) Ang sumusuporta sa pagsusuri ng iba sapagkat ito ang napansin sa pelikula ay may (M=4.54, SD=0.57). Nabubuklod ang sarili at ibang tao dahil nagkaroon ng katulad na nadama sa pelikula, at ito ay may (M=4.54, SD=0.56)

May kabuoang mean na 4.58, standard deviation na 0.25 at ipinakikita na ang antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa damdamin ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang damdamin ang ilan sa mga salik na may kaugnayan sa pagsusuri, sapagkat sa pamamagitan ng ating damdamin ay napahihiwatig natin ang ating naunawaan sa pelikulang ating napanood.

Bawat manonood ay may iba't ibang nararamdaman sa pelikulang kanyang pinanood, ang iba ay masaya, malungkot o ang iba naman ay kinilig pero minsan sa pagsusuri ay hindi lang puro positibo ang maaari nating sabihin, kung hindi pati na rin ang negatibong napansin natin sa pelikula, sapagkat makatutulong ito sa pag-unlad.

Sa Talahanayan 6, makikita ang antas ng kasanayan sa paghubog sa kahusayan sa panonood ayon sa saloobin ng mga mag-aaral na nagsuri ng pelikula.

**Talahanayan 6.** ***Antas ng Kasanayan sa Paghubog sa Kahusayan sa Panonood ayon sa Saloobin***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nagkakaroon ng boses na sabihin ang napansin at napuna sa pelikula.* | 4.59 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Bukas sa anumang pagsusuri ng ibang manunuri.* | 4.60 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Handang ibahagi ang kanyang napuna at maging batayan ang kanyang pagsusuri.* | 4.55 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. May kakayahang mahikayat ang iba sa tulong ng kanyang ibinahaging saloobin.* | 4.55 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Malayang naipakikita pasulat man o pasalita ang kanyang saloobin sa pelikula.* | 4.53 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.56***
***Standard Deviation: 0.25***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Para sa talahanayan 6, nagkakaroon ng boses na sabihin ang napansin at napuna sa pelikula ay may (M=4.59, SD=0.51) Ang bukas sa anumang pagsusuri ng ibang manunuri ay may (M=4.60, SD=0.60). Ang handang magbahagi ng kanyang napuna at maging batayan ang kanyang pagsusuri at ang may kakayahang mahikayat ang iba sa tulong ng kanyang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ibinahaging saloobin ay may (M=4.55. SD=0.55). Samantala ang naipakikita pasulat man o pasalita ang kanyang saloobin sa pelikula ay may (M=4.53, SD=0.53) na may punang lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.56, standard deviation na 0.25 at ipinakikita na ang antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa saloobin ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang saloobin o ang ating naiisip at nararamdaman ay may malaking impak sa gagawing pagsusuri, sapagkat ang mga bagay na ating naunawaan ay ating naibabahagi sa iba't ibang paraan, pasulat man o pasalita. Ang saloobin din ang daan upang ang bawat tao ay maging bukas sa isa't isa at makapagbahagi ng ideya sa mga taong nakakasalamuha niya. Nabibigay daan din ang saloobin upang maunawaan at maintindihan ang sinasabi ng bawat isa, sapagkat kung ang taong hindi nagbabahagi ng kanyang saloobin ay mananatiling takot sa sasabihin ng iba.

**Antas ng Kasanayan sa Motibasyon sa Kahusayan sa Panonood**

Sa pag-aaral na ito, nakapaloob ang antas ng kasanayan sa motibasyon sa kahusayan sa panonood batay sa interes at kapaligiran. Malaki ang impluwensya ng kapaligiran sa pagkatuto ng isang tao, tulad sa pagsusuri ang ilan ay nais sa tahimik na lugar ang ilan naman ay hindi.

Ang mga pahayag sa talahanayang ito, makikita ang Raw Score, Frequency, Percentage at Mapaglarawang Katumbas.
Sa Talahanayan 7, makikita ang antas ng kasanayan sa panonood batay sa interes ng mga mag-aaral na nagsuri ng pelikula.

**Talahanayan 7.** ***Antas ng Kasanayan sa Panonood Batay sa Interes***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Nababago ng pelikula ang interes ng bawat manonood.* | 4.60 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Nanonood ang isang tao kung ang palabas ay batay sa kanyang interes.* | 4.57 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. Ang pagsusuri ng pelikula ay depende sa kagustuhan ng manonood.* | 4.61 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Dumarami ang bilang ng tao na nagnanais manood ng pelikulang panlipunan.* | 4.61 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Mas ninanais ng tao ang panood kaysa magbasa.* | 4.57 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.59***
***Standard Deviation: 0.24***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Sa talahanayan 7, makikita sa antas ng kaugnayan ng panonood batas sa interes ang nababago ng pelikula ang interes ng bawat manonood, at ito ay may (M=4.60, SD=0.51), nanonood ang isang tao kung ang palabas ay batay sa kanyang interes na may (M=4.57, SD=0.52) na lubos na sumasang-ayon. Ang pagsusuri ng pelikula ay depende sa kagustuhan ng manonood ay may (M=4.61, SD=0.52). Dumarami ang bilang ng tao na nagnanais manood ng pelikulang panlipunan ay may (M=4.61, SD=0.52) At mas ninanais ng tao ang manood kaysa magbasa ay may (M=4.57, SD=0.55) na may punang lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.59, standard deviation na 0.24 at ipinakikita na ang antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa interes ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Iba-iba ang paraan ng pagkatuto ng tao, ang ilan ay natututo kapag may kasama, ang ilan naman ay nais lang mag-isa, ngunit ano pa man ang paraan, ay nakabatay pa rin ito sa ating interes. Kaya sa talahanayang ito makikita kung paano mas natututo ang tao batay sa kanyang pagsusuri at interes sa bawat genre ng pelikulang susuriin.

Ang Talahanayan 8, makikita ang antas ng kasanayan sa panonood batay sa kapaligiran ng mga mag-aaral na nagsuri ng pelikula.

**Talahanayan 8.** ***Antas ng Kasanayan sa Panonood Batay sa Kapaligiran***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *1. Malaki ang impluwensya ng kapaligiran sa panonood.* | 4.58 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. Nakapanonood nang mabuti kung walang kasama.* | 4.63 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *3.Ang ingay ng kapaligiran ay nakaaapekto sa pagsusuri ng pelikula.* | 4.53 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *4. Ang panonood nang may kasama ay nakadaragdag ng ideya upang masuri ang pelikula.* | 4.56 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *5. Ang maayos na kapaligiran ay nagbibigay ng kapayapaan sa isip ng manonood.* | 4.61 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.58***
***Standard Deviation: 0.22***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Para sa talahanayan 8, sa antas ng kaugnayan ng panonood batay sa kapaligiran, ang malaki ang impluwensya ng kapaligiran sa panonood ay may (M=4.58, SD=0.51). Ang mga mag-aaral na nakapanonood nang mabuti kung walang kasama ay may (M=4.63, SD=0.54) na lubos na sumasang-ayon. Ang ingay ng kapaligiran ay nakaaapekto sa pagsusuri ng pelikula na may (M=4.53, SD=0.55). Ang panonood nang may kasama ay nakadaragdag ng ideya upang masuri ang pelikula ay may (M=4.56, SD=0.54). Samantala, ang maayos na kapaligiran ay nagbibigay ng kapayapaan sa isip ng manonood ay may (M=4.61, SD=0.53) na may punang lubos na sumasang-ayon.

May kabuoang mean na 4.58, standard deviation na 0.22 at ipinakikita na ang antas ng kaugnayan ng pagsusuri batay sa kapaligiran ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa panonood ay marapat nating isaalang-alang ang kapaligiran, sapagkat Malaki ang epekto nito sa ating pagkatuto. Gaya na nalang ng maingay na kapaligiran, kung minsan ay mawawala ang pagtuon natin ng pansin sa panonood dahil sa ingay na ating naririnig.

**Antas ng kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ng mga mag-aaral batay sa kognitibong pag-aanalisa**

Sa pag-aaral na ito, nakapaloob ang antas ng kasanayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ng mga mag-aaral batay sa kognitibong pag-aanalisa.

Ang mga pahayag sa talahanayang ito, makikita ang Raw Score, Frequency, Percentage at Mapaglarawang Katumbas.

**Talahanayan 9.** ***Antas ng Kahusayan sa Panonood ng Pelikulang Panlipunan ng mga Mag-aaral Batay sa Kognitibong Pag-aanalisa***

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 43 – 50 | 227 | 93.03 | Pinakamahusay |
| 35 – 42 | 16 | 6.56 | Higit na Mahusay |
| 27 – 34 | 0 | 0.00 | Mahusay |
| 19 – 26 | 0 | 0.00 | Katamtamang Mahusay |
| 10 – 18 | 0 | 0.00 | Di-lubhang Mahusay |
| 0 – 9 | 1 | 0.41 | Hindi Mahusay |
| **Total** | **244** | **100** | |
| ***Weighted Mean*** | ***46.62*** | | |
| ***Pinakamababang Marka*** | ***4*** | | |
| ***Pinakamataas na marka*** | ***50*** | | Pinakamahusay |
| ***Standard Deviation*** | ***3.92*** | | |

Talahanayan bilang siyam ay nagpapakita ng antas ng kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ng mga mag-aaral, sa kabuoang dalawang daan at apatnaput-apat na tagatugon, ang marka na *"43 - 50*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na dalawang daan at dalawamput-pito (227) o 93.03% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Dalubhasa***.** At ang marka na *"35 - 42"* ay mayroong bilang na labing-anim (16) o 6.56% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Malapit at halos pumantay sa Dalubhasa***.** Habang ang marka na *"0 - 9"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 0.41% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Hindi Dalubhasa*.

May kabuoang *(Weighted Mean = 46.62, SD = 3.92)* at *(pinakamababang marka = 4, pinakamataas na marka = 50)* ipinapakita na ang antas ng kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ng mga mag-aaral batay sa kognitibong pag-aanalisa ay may mapaglarawang katumbas na *Dalubhasa* at may literal na paliwanag na *Napakakasiya-siya*.

Sa pagsusuri ay dapat gamitan ng malalim o kognitibong paraan ng pagsusuri, kung saan malalim at pinag-isipang mabuti ang mga pangyayaring naganap sa pelikula.

**Makabuluhang epekto ng pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kasanayan sa panonood ng pelikulang panlipunan**

Sa pag-aaral na ito, nakapaloob ang Makabuluhang epekto ng pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan

Ang mga pahayag sa talahanayang ito, makikita ang Raw Score, Frequency, Percentage at Mapaglarawang Katumbas.

**Talahanayan 10.** ***Makabuluhang epekto ng pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kasanayan sa panonood ng pelikulang panlipunan***

| Kahusayan sa Pagsusuri | B | SE | B | t | P |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 41.25 | 6.696 | | 6.161 | 3E-09 |
| *Tauhan* | | 1.232 | 2.938 | 2.385 | 0.018 |
| *teorya/dulog* | | 1.078 | -0.083 | -0.077 | 0.939 |
| *Nilalaman* | | 1.075 | -1.667 | -1.551 | 0.122 |
| *R-squared* | | | .026 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .014 | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| *Standard Error of the Estimate* | | 3.894 | | | |
| *F(3, 240)* | | | | 2.13 | 0.097 |
| Kahusayan sa Paghubog | **B** | **SE** | **B** | **t** | **p** |
| *Constant* | 46.38 | 5.891 | | 7.873 | 1E-13 |
| *Pananaw* | | 1.021 | 1.373 | 1.345 | 0.18 |
| *Damdamin* | | 1.067 | 0.889 | 0.833 | 0.406 |
| *Saloobin* | | 1.165 | -2.208 | -1.896 | 0.059 |
| *R-squared* | | | .018 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .006 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 3.908 | | | |
| *F(3, 240)* | | | | 1.508 | .213 |
| Kahusayan sa Motibasyon | **B** | **SE** | **β** | **t** | **p** |
| *Constant* | 45.07 | 6.016 | | 7.492 | 1E-12 |
| *Interes* | | 1.124 | 1.421 | 1.264 | 0.207 |
| *Kapaligiran* | | 1.207 | -1.085 | -0.899 | 0.37 |
| *R-squared* | | | .007 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | .000 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 3.922 | | | |
| *F(2, 241)* | | | | .907 | .405 |

$^{*}p < 0.05$

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng *multiple regression analysis* sa pagsusuri ng epekto ng pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan. Ang *regression model* ay nagpapaliwanag ng 2.6%, 1.8% at 0.8% ng *variance* sa kahusayan ng mga mag-aaral (R-squared = 0.026, 0.018, 0.007). Ang *pagsusuri, paghubog at motibasyon* ay walang positibong epekto sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan. Ang *F-test* ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (3, 240) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang *regression model* ay hindi tugma sa mga datos. Ang *standard error of the estimate*, na sumasalamin sa *average deviation* sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na kahusayan ng mga mag-aaral.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ng pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "*Walang makabuluhang epekto ng pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan*" ay tanggapin, ipinapakita nito na epekto sa pagitan nila.

Ang panonood ng pelikulang panlipunan ay may malaking epekto at impluwensya sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral, kung saan ginagamitan nila ito ng malalim at kognitibong paraan ng pagsusuri, na lubhang mahahasa ang kanilang isipan.

**Programa upang mapaunlad ang Kahusayan sa Pagsusuri ng Pelikulang Panlipunan**

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng nabuong Programa upang mapaunlad Kasuhasayan sa Pagsusuri ng Pelikulang Panlipunan sa Pagsusuri, Paghubog at Motibasyon.

**Talahanayan 11.** ***Programa upang mapaunlad ang Kahusayan sa Pagsusuri ng Pelikulang Panlipunan***

| Layunin | Istratehiya/ Aktibiti | Mga Kasangkot | Inaasahang Awtput |
|---|---|---|---|
| Matalakay ang pangunahing kaalaman sa Pelikula | Magbigyan ng seminar patungkol sa Pelikulang Panlipunan | Mga guro sa Filipino | Maging malinaw sa bawat isa ang kahalagahan ng Pelikulang Panlipunan |
| Malaman ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Pelikulang Panlipunan | Makapagsuri ng iba't ibang pelikula | Mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang ng Kolehiyo | Mabigyang pansin ang mga mag-aaral na makakakuha ng mababang marka |
| Mapataas ang antas ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikulang panlipunan | Pagkakaroon ng libro kung saan nakapaloob ang mga kasanayan sa pagsusuri ng pelikula. | Mga Guro sa Filipino mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang sa Kolehiyo. | Tumaas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa malalim na pagsusuri ng pelikula. |

Ang programang interbensiyon ay isang suhestiyon at gawain na naglalayong mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral sa iba't ibang larangan. Sa interbensyong ito ng pananaliksik ay makikita ang mga gawaing makatutulong upang mapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral patungkol sa pagsusuri ng pelikulang panlipunan.

Sa pag-aaral na ginawa ng mananaliksik ay makikitang walang makabuluhang epekto ang pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan kung saan nilalayon ng mananaliksik na magkaroon ng libro ang bawat mag-aaral patungkol sa asignaturang sinesosyedad.

Maraming hakbang ang gagawin sa interbensyong ito, ngunit matatapos lamang ito sa tulong ng bawat isa kung saan kasangkot ang mga dekana, mga guro sa Filipino at mga mag-aaral na nasa ikatlong baitang sa kolehiyo.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Ang haypotesis na nagsasabing walang makabuluhang epekto ang Pagsusuri, paghubog at motibasyon sa pagsusuri ng pelikulang panlipunan" ay bahagyang tinanggap.
2. Ang haypotesis na nagsasabing walang makabuluhang epekto ang kognitibong pag-aanalisa sa pagsusuri, paghubog at motibasyon ay tinanggap.
3. Ang haypotesis na nagsasabing walang makabuluhang epekto ang pagsusuri, paghubog at motibasyon sa kahusayan sa panonood ng pelikulang panlipunan ay tinanggap.

Batay sa mga kasagutan at konklusyon, ang mga sumusunod ang ibinigay na rekomendasyon:

1. Iminumungkahi ng mananaliksik sa mga kaguruan na mahikayat ang mga mag-aaral sa malalim na pagsusuri ng pelikulang panlipunan nang sa gayon ay mamulat ang mga mag-aaral sa mga aral na makukuha sa pinanood.
2. Hinahangad ng mananaliksik na gabayan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pag-aaral. Suportahan sa mga gawain gaya ng mga gawain sa asignaturang sinesosyedad, sapagkat marami ang matutunan sa mga pelikulang sinusuri.
3. Sa mga susunod na mananaliksik, ang pananaliksik na ito ay maaaring gawing gabay sa pagsasagawa ng pananaliksik. Nawa'y patuloy na isakatuparan ang paggawa ng ganitong uri ng pananaliksik.

## TALASANGGUNIAN

1. *Larigo, V. (2015) Ang mga Tauhan sa Maikling Kwento https://gurosafilipino72591.wordpress.com/2014/01/14/95/*